Pagpapahayag ng Kabataan sa Wakayama Declaration

(Wakayama Declaration)

Kami, ang mga kabataang kinatawan ng aming bansa at samahang bumubuo sa Asian Youth Forum on Disaster Reduction na ginanap sa Wakayama, Japan na isinaayos ng Wakayama Prefectural Board of Education, Asia Pacific Cultural Centre for UNESCO (ACCU) at Inamura No Hi Council ngayong ika-2 ng Nobyembre, 2006 ay nagpapahayag ng aming pakikiisa sa mga sumusunod:

1.Ang kalamidad ay patuloy na dumarating ng hindi inaasahan, ngunit ang lakas nito ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng sapat na paghahanda at kooperasyon ng lahat.

2. Kalayaan mula sa kalamidad ay pangunahing karapatang pantao.

3. Lahat tayo ay responsable sa pag-iwas sa kalamidad.

4. Ang kamalayan at epektibong paghahanda bago sumapit ang kalamidad ay mahalaga.

5. Ang pagngangalap ng mga impormasyon tungkol sa kalamidad mula sa ating mga nakalipas na karanasan, makalumang kaalaman at pag-aaral, at pagbabahagi ng kaalaman mula sa buong mundo ay mahalaga.

6. Ang pagpapanatili ng kaayusan ng ating kalikasan ay mahalaga sa pagpigil at pagbabawas ng epekto at lakas ng kalamidad sa buong mundo.

7. Ang pagkakaroon ng pag-aaral ukol sa pag-iwas sa kalamidad ay mahalaga upang mabawasan ang dami ng bilang ng pagkamatay ng tao, pagbawas sa pagkasira ng mga ari-arian at kalikasan at matulungan ang mga taong nasalanta at apektado.

8. Ang pag-aaral sa pag-iwas sa kalamidad ay mahalagang bahagi sa sistema ng edukasyon at abot sa kamalayan ng kabataan sa labas at loob ng paaralan.

9. Bawat isa na maaaring masalanta ay dapat na may malaking bahagi sa pag-iwas sa kalamidad lalo na ang mga kabataan, mga matatanda at ang mga taong may kapansanan.

10. Madaliang pagtugon sa kalamidad ay dapat na laging nakahanda at bukas para sa lahat ng apektado.

11. Ang pagbangon at ang pagtatayo muli ng konstruksyon ay mahalaga upang maibalik sa normal ang buhay ng mga taong nasalanta at naapektuhan at maging sa pagbuo ng komunidad na may higit na paghahanda.

12 .Pangangalaga sa inprastraktura tulad ng pagkakaroon ng panangga sa malalaking alon, sistema ng paunang babala at lugar ng paglilikasan ay dapat na ibigay ng mga kinauukulan upang mabawasan ang dulot at epekto ng kalamidad.

13. Kapayapaan at kaligtasan ng buong mundo ay mahalaga para sa lahat ng tao.

14. Kaming kabataang Asyano ay nananawagan sa pamahalaan, mga Nagkakaisang Bansa, NGOs, komunidad at lahat ng mag-aaral sa buong mundo na tanggapin ang ating deklarasyon at kooperasyon na gumawa ng sama-sama, hawak kamay, at kumilos sa ating rekomendasyon para sa paghahanda at pag-aaral sa pagbawas ng kalamidad.